

NAPLAN Online – impormasyon para sa mga magulang at tagapag-alaga



Tagalog

2019

Bakit kailangang gawin ng mga estudyante ang NAPLAN?

Tinatasa ng National Assessment Program – Literacy and Numeracy (NAPLAN)] ang mga kakayahan sa pagkamarunong bumasa, sumulat at bumilang na mahalaga sa bawat bata upang sumulong sa paaralan at buhay.

Ang mga estudyanteng nasa Year 3, 5, 7 at 9 ay sumasali sa pantaunang mga pagsusulit ng NAPLAN sa pagbasa, pagsulat, mga kalakaran ng wika (pagbaybay, balarila at bantas) at pagbilang.

Ang pagtatasa ay nagbibigay sa mga magulang at paaralan ng kaalaman kung ano ang naging ginampanan ng mga indibidwal na estudyante noong panahon ng mga pagsusulit. Ang NAPLAN ay isa lamang bahagi sa proseso ng pagtatasa at pag-uulat ng paaralan – hindi nito pinapalitan ang patuloy na mga pagtatasa ng mga guro tungkol sa ginagampanan ng estudyante.

Ang NAPLAN ay nagbibigay din sa mga paaralan, mga awtoridad sa edukasyon at mga pamahalaan ng impormasyon tungkol sa kung paano gumagana ang mga programa sa edukasyon at kung natutugunan ba ng mga kabataang Australyano ang mahahalagang resulta sa edukasyon sa pagkamarunong bumasa, sumulat at bumilang.

Ano ang tinatasa?

Tinatasa ng NAPLAN ang mga kakayahan sa pagkamarunong bumasa, sumulat at bumilang na natututunan ng mga estudyante sa kanilang regular na kurikulum sa paaralan. Ang lahat ng mga pampamahalaan at di-pampamahalaang awtoridad sa edukasyon ay nakapagbigay tulong tungo sa pagbuo ng mga kailangang kagamitan (materials) sa NAPLAN.

Nitong taong 2019, karamihang mga estudyante sa kabuuang Australya ay magsusulit ng online sa NAPLAN.

Ipinakita sa balik-puna noong unang taon nung NAPLAN Online na maganda ang namagitan sa mga estudyante sa mga pagtatasa sa online (online assessments). Ang isa sa mga mahalagang benepisyo ng NAPLAN Online ay ipinasadya (tailored or adaptive) o naibabagay na pagsusulit kung saan ang pagsusulit ay awtomatikong bumabagay sa pagganap ng estudyante sa pagsusulit. Ang pagsusulit ay naglalabas ng mataas o mababa sa pagkakumplikado depende na sa nagiging pagganap (performance) ng estudyante.

Ang tailored (or adaptive) na pagsusulit ay nakadisensyo para magtasa sa mas malawak na hanay sa mga kakayahan ng estudyante at para masukat nang mas tama ang nakamtan ng estudyante. Hindi dapat mag-alala ang inyong anak kung makita nilang mas mapaghamon ang mga katanungan kaysa dati; maaaring mas kumplikado ang daan ng pagsusulit na kanilang ginagawa. Ang pangkalahatang NAPLAN score ay nakabatay sa mga dami ng pagkakumplikadong mga tanong na kanilang nasagot nang tama.

Ang NAPLAN Online ay hindi pagsusulit sa mga kahusayan ng pagtipa sa keyboard. May mga pag-iiba (variations) kung gaano kabilis at husay sa pagtipa ang estudyante – kahalintulad nang mga variation sa kung gaano kabilis at husay ang estudyante sa pagsusulat sa kamay. Gagawin ng mga estudyante sa Year 3 ang pagsusulit sa pagsulat (writing test) sa papel.

Para makakuha ng ideya kung ano ang anyo ng online assessment, bumisita sa public demonstration site sa nap.edu.au

Paano ko matutulungang maghanda ang aking anak?

Tulungan ninyong maghanda ang inyong anak sa pagpapasiguro sa kanila na ang NAPLAN ay isa lamang sa bahagi ng kanilang programa sa paaralan, at sa pagpapaalala sa kanila na gawin ang kanilang pinakamahasulit sa araw ng pagsusulit. Titiyakin ng mga guro na ang mga estudyante ay pamilyar sa mga klase ng tanong sa mga pagsusulit at magbibigay ng nararapat na suporta at patnubay. Titiyakin na ang mga estudyante ay marunong gumamit ng mga panggamit (devices), ita-type sa mga iyon at maglalayag (navigating) doon sa mga programa, ang lahat ay bahagi ng pagkakatuto ng estudyante at isa itong rekesito ng Australian Curriculum magmula sa unang taon sa paaralan.

Hindi inirerekomenda ng ACARA ang masyadong labis na paghahanda para sa NAPLAN o ang paggamit ng mga tagapagdulot ng pagsasanay (coaching provider). Ang NAPLAN ay tungkol sa pagtatasa ng progreso sa pagkakatuto sa pagbasa at pagsulat at pagbilang.

Magsusulit ba sa NAPLAN ng sulat sa papel o online ang aking anak?

Itong 2019, magsusulit ng online sa NAPLAN ang inyong anak. Subalit, ang mga bata sa ilang ibang mga paaralan sa kabuuang Australya ay magsusulit sa NAPLAN nang isusulat sa papel nitong taong ito. Nagkasundo ang mga ministro sa edukasyon ng pederal, estado at teritoryo na ang lahat ng mga paaralan ay magiging nasa online pagsapit ng 2020. Ang mga awtoridad sa edukasyon ng estado at teritoryo ay magtataya ng petsa kung kailan magiging online ang kanilang mga paaralan.

Dahil sa ang mga estudyante ay tatasahin sa kaparehong pagbasa, pagsulat at pagbilang na nilalaman ng kurikulum, maging nagsulit man sa online o sulat sa papel, ang mga resulta sa parehong mga pormat ay mai-uulat sa kaparehong iskala ng pagtatasa sa NAPLAN. Upang malaman ang karagdagan tungkol sa NAPLAN Online, bumisita sa nap.edu.au

Ang pagsali sa NAPLAN

Ang lahat ng mga estudyanteng nasa Year 3, 5, 7 at 9 ay inaasahang sasali sa taunang pagtatasa ng NAPLAN.

Ang mga estudyanteng may kapansanan ay maaaring nararapat sa mga pagbabago (adjustments) na maglalarawan ng suportang kalimitang ibinibigay sa mga pagtatasa sa silid-aralan. Dapat ninyo munang pag-usapan ng guro ng inyong anak kung gagamit ng anumang mga adjustment dahil sa kapansanan ng inyong anak.

Ang isang pormal na iksemsyon ay ipinagkakaloob para sa isang estudyanteng may kapansanan na labis na maglilimita sa kanilang mga kasanayan para sumali sa pagtatasa, o para sa estudyanteng bagong dating sa Australya at mula sa di-Ingles ang kinagisnang wika .

Ang inyong principal ng paaralan at lokal na namamahalang awtoridad sa pagsusulit ay makapagbibigay sa inyo ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga NAPLAN Online disability adjustment o ang prosesong kinakailangan upang makamit ang pormal na iksemsyon.

Talaorasan ng NAPLAN Online sa 2019

Ang kaganapan ng pagtatasa sa NAPLAN Online ay pinahaba ng mula tatlong araw hanggang siyam na araw na ibinibigay para sa pasusulit sa papel. Ito ay upang mabigyan ang mga paaralan ng naiuunat na panahon sa pagtataya ng petsa at mabigyang kaluwagan ang mga paaralang kakaunti ang mga gamit(devices). Ang kaganapan ng pagtatasa sa NAPLAN Online ay magsisimula sa Martes, ika-14 ng Mayo at magtatapos sa Biyernes, Ika-24 ng Mayo 2019.

Ang pagsusulit sa online ay dapat na gawin sa tamang pagkakasunod-sunod:

Pagsusulit	Kahabaang Oras	Pagkakasunod-sunod	Mga detalye
Pagsulat	Year 3: 40 minuto Year 5: 40 minuto Year 7: 40 minuto Year 9: 40 minuto	Kukumpletohin sa unang mga dalawang araw	Ang mga estudyante sa Year 3 ay gagawa ng nakasulat-sa-papel na pagsusulit sa pagsulat sa unang araw lamang
Pagbasa	Year 3: 45 minuto Year 5: 50 minuto Year 7: 65 minuto Year 9: 65 minuto	Kukumpletohin pagkatapos ng pagsusulit sa pagsulat	Ang mga estudyante ay magbabasa ng hanay ng mga tekstong malaman sa impormasyon, mapaglikhang-isip at mapanghikayat
Mga kalakaran ng wika	Year 3: 45 minuto Year 5: 45 minuto Year 7: 45 minuto Year 9: 45 minuto	Kukumpletohin pagkatapos ng pagsusulit sa pagbasa	Kabilang sa pagsusulit na ito ang pagbaybay, balarila at bantas
Pagbilang	Year 3: 45 minuto Year 5: 50 minuto Year 7: 65 minuto Year 9: 65 minuto	Kukumpletohin pagkatapos ng pagsusulit sa mga kalakaran ng wika	Kabilang sa pagsusulit na ito ay numero at algebra; pagsusukat at geometry; at estadistika at pagka-maaaring mangyari

Anong mangyayari kung lumiban sa paaralan ang aking anak sa mga araw ng pagtatasa?

Hangga't maaari, magsasa-ayos ang paaralan para sa indibidwal na mga estudyanteng lumiban sa oras ng pagsusulit na kumpletohin ang hindi nagawang mga pagsusulit sa kaibang oras habang nasa iskedyul ng pagsusulit ang paaralan. Ang indibidwal na mga estudyante ay hindi papayagang kumuha ng mga pagsusulit sa NAPLAN online makalipas ang Biyernes ika- 24 ng Mayo 2019.

Paano susukatin ang ginampanan (performance) ng aking anak?

Ang indibidwal na pagganap ng estudyante ay ilalarawan sa isang pambansang iskala ng nakamtan (achievement) para sa bawat pagtatasa. Ang pagkakaroon ng resulta sa pambansang minimum na pamantayan ay nagpapakitang ang estudyante ay nagpamalas ng mahalagang mga kasanayan sa pagkamarunong bumasa at sumulat at bumilang na kinakailangan upang lubos na makasali sa year level na iyan.

Ang isang ulat ng NAPLAN tungkol sa indibidwal na estudyante ay ipalalabas ng paaralan ng inyong anak sa pagtatapos ng taon. Kung hindi kayo nakatanggap ng ulat, dapat ninyong tawagan ang paaralan ng inyong anak.

Paano ginagamit ang mga resulta ng NAPLAN?

- Maaaring gamitin ng mga estudyante at mga magulang ang indibidwal na mga resulta upang matalakay sa mga guro ang progreso.
- Ginagamit ng mga guro ang mga resulta upang mas mahusay na matukoy kung sino sa mga estdyante ang makikinabang sa malaking mga paghamon o dagdag na mga tulong.
- Ginagamit ng mga paaralan ang mga resulta para matukoy kung saang lugar ang malakas at mga lugar na dapat paghusayin ang mga programa sa pagtuturo at upang maitatag ang mga layunin sa pagkamarunong bumasa, sumulat at bumilang.
- Ginagamit ng mga sistema sa paaralan ang resulta upang marepaso ang mga programa at suportang ibinibigay sa mga paaralan.
- Matutunghayan ng komunidad ang pangkaraniwang mga resulta sa NAPLAN ng paaralan sa myschool.edu.au

Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa NAPLAN:

- tawagan ang paaralan ng inyong anak
- tawagan ang inyong lokal na namamahalang awtoridad sa pagsusulit sa nap.edu.au/TAA
- bisitahin ang nap.edu.au

Para sa impormasyon kung paano pinanghahawakan ng ACARA ang personal na impormasyon sa NAPLAN, bisitahin ang nap.edu.au/naplanprivacy